BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT

NEWS RELEASE

baaqmd.gov

PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG: Hunyo 25, 2024
MAKIPAG-UGNAYAN SA: communications@baaqmd.gov

Lupon sa Pagdinig ng Distrito ng Hangin, inatasan ang Tesla na iwasto ang mga kasalukuyang paglabag sa kalidad ng hangin

Tesla, dapat iwasto ang mga madalas at paulit-ulit na emisyon sa kanilang pasilidad sa Fremont

SAN FRANCISCO – Inanunsyo ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ngayong araw na inatasan ng hiwalay na Lupon sa Pagdinig ng ahensya ang Tesla na iwasto ang mga paglabag sa kalidad ng hangin sa pasilidad nito para sa pag-manufacture ng de-kuryenteng sasakyan sa Fremont. Inaasahang maglalabas ng nakasulat na kautusan ngayong linggo.

Hiniling ng Distrito ng Hangin ang kautusan sa abatement para ihinto ang madalas at tuluy-tuloy na paglabag mula sa operasyon ng paint shop sa pasilidad. Nag-emit ang Tesla ng mga mapaminsalang precursor na organic compound at nakakalasong contaminant sa hangin nang direkta sa atmosphere nang walang naaangkop na abatement, na nagresulta sa mahigit 112 Abiso ng Paglabag mula pa noong 2019. Ang bawat isa sa mga paglabag na ito ay puwedeng mag-emit ng daan-daang libra ng ilegal na polusyon sa hangin, ayon sa ilang pagtataya. Madalas, umuulit, at puwedeng makasama ang mga paglabag sa kalusugan ng publiko at kapaligiran.

"Ang tuluy-tuloy na paglabag ng Tesla sa kanilang pasilidad sa Fremont ay nagdudulot ng panganib sa kalusugan ng publiko at sa kalidad ng hangin sa nakapaligid na komunidad," sabi ni Dr. Philip Fine, ang tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. "Mahalaga ang kautusan na ito para matiyak na magsasagawa ang Tesla ng agaran at epektibong pagkilos para ihinto ang mga mapaminsalang emisyon at sumunod sa lahat ng regulasyon sa kalidad ng hangin para maprotektahan ang kalusugan ng mga nakatira malapit sa pasilidad."

Inaatasan ng kautusan ang Tesla na magpatupad ng plano para tugunan ang mga nasabing umuulit na paglabag sa pamamagitan ng prosesong may dalawang hakbang:

- Una, mag-hire ng third-party na consultant na magsasagawa ng pagsusuri at magbibigay ng mga rekomendasyon. Pagkatapos ay dapat gumawa ang Tesla ng iminumungkahing plano ng pagpapatupad para maipatupad ang mga rekomendasyon, na ifa-file nito sa Lupon sa Pagdinig para sa pag-apruba.

- Pangalawa, isagawa ang plano sa pagpapatupad ayon sa inaprubahan ng Lupon sa Pagdinig para ihinto ang naiiwasang pag-release ng mga hindi makontrol na emisyon, maliban na lang kung lubos na kinakailangan para sa mga dahilang nauugnay sa kaligtasan.

May iba't ibang dahilan ang mga umuulit na paglabag ng Tesla. Sa ilang sitwasyon, paulit-ulit na nasisira ang thermal oxidizer o ang mga nauugnay na components ng abatement system ng Tesla at dahil sa disenyo ng system ng Tesla, awtomatikong direktang napupunta ang mga emisyon sa atmosphere nang walang naaangkop na abatement, kahit puwede pang magsagawa ng abatement. Sa iba namang sitwasyon, maayos na gumagana ang equipment para sa abatement, pero sina-shut down ng Tesla ang system para sa abatement kapag may mga problema sa iba pang equipment sa mga paint shop. Nangyari ang mga ito mga staff o contractor man ng Tesla ang dahilan, at napupunta sa atmosphere ang mga unabated na emisyon.

Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensyang responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa siyam na county ng Bay Area. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng X/Twitter, Facebook,Instagram at YouTube.

# # #

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
Homepage ng Distrito ng Hangin | *Mga Pahayag sa Media*